

Fair PharmaCare Plan



Ang Fair PharmaCare plan ay tumutulong sa mga taga British Columbia sa pagbayad sa mga karapat-dapat na de-resetang gamot at itinalagang medical supplies.

- Ang tulong na nakukuha sa Fair PharmaCare ay batay sa kita. Kapag mas mababa ang iyong kita, mas malaki ang tulong na matatanggap mo.
- Walang bayad para magparehistro at walang mga dagdag na premium.

Sino ang maaaring sumali sa Fair PharmaCare?

- Mga naninirahan sa B.C. na aktibong nakatalâ sa Medical Services Plan (MSP).

Paano ako magpaparehistro?

- Sa internet, gamitin ang Fair PharmaCare Web Registration, o
- Sa telepono, tawagan ang Health Insurance BC sa mga numero na ibinigay sa pahina 2.

Ano ang mga kailangan ko upang magparehistro para sa Fair PharmaCare plan?

Para sa lahat ng miyembro ng pamilya:

- Personal Health Number na matatagpuan sa iyong B.C. CareCard.
- Petsa ng kapanganakan

Para sa iyo at sa iyong asawa:

- Social Insurance Number
- Ang neto ng iyong kita o net income noong nakaraang dalawang taon (Line 236 sa iyong income tax return).
- Ang halaga ng anumang kabayaran sa Universal Child Care Benefit (UCCB) at/o natanggap mong kita sa Registered Disability Savings Plan (RDSP) noong nakaraang dalawang taon (Line 117 at line 125 ng iyong income tax return).

Pagkatapos mong magparehistro ...

- Ipapadala namin sa iyo ang isang pormularyo ng pagsang-ayon sa koreo.
- Pirmahan at ibalik ang pormularyo ng pagsang-ayon.
- Aalamin namin sa Canada Revenue Agency kung wasto ang iyong net income.

Ang iyong coverage ay umaaplay sa karapat-dapat na mga gastos sa gamot at medical supplies na bibilhin mo pagkatapos na magparehistro. Isang beses ka lamang dapat magparehistro. Ang antas ng iyong coverage ay awtomatikong ina-update sa bawat taon.

Kailangan ko bang i-update ang aking impormasyon kapag ito ay nagbago?

Hindi mo kailangang mag-update ng impormasyon sa iyong kita. Bineberipika ang iyong kita sa Canada Revenue Agency taun-taon.


Ngunit kapag may pagbabago sa iyong pamilya (halimbawa, kung may nag-asawa, naghiwalay, nagdiborsiyo o namatay) mangyaring makipag-ugnayan sa amin upang mai-adjust ang iyong tulong.

Paano gumagana ang Fair PharmaCare ?

Kapag nagparehistro ka, kinakalkula namin ang iyong deductible at family maximum. Tingnan sa pahina 2 "Paano gumagana ang Fair PharmaCare" para sa karagdagang impormasyon .

Paano gumagana ang Fair PharmaCare?

Sa ilalim ng Fair PharmaCare plan, babayaran mo ang halaga ng mga may resetang gamot ng iyong pamilya hanggang sa umabot ka sa deductible. Kapag naabot mo na ang iyong deductible, tutulongan ka ng PharmaCare sa mga karapat-dapat na gastos para sa natitirang bahagi ng taon.



Maaari mong kuwentahin ang iyong deductible at family maximum gamit ang calculator sa www.gov.bc.ca/pharmacare/fairpharmacare-estimator

Ano ang mga "karapat-dapat" na gastos?

- Ang karapat-dapat na mga gastos ay ang maximum na halaga na babayaran ng PharmaCare para sa de-resetang gamot, medical supply, o isang dispensing fee ng parmasya.
- Tanging ang mga karapat-dapat na gastos lamang ang mabibilang sa iyong **deductible** at **family maximum** (tingnan sa ibaba).

Ano ang aking "deductible"?

- Ang deductible ay ang halaga ng pera na kailangang gastusin ng iyong pamilya sa bawat taon para sa mga karapat-dapat na de-resetang gamot at medical supplies bago simulang bayaran ng PharmaCare ang **70%** ng iyong mga karapat-dapat na gastos.
- Ang mga pamilyang may kasamang isang taong ipinanganak bago ng 1940 ay makakatanggap ng 75% coverage.

Ano ang aking "family maximum"?

- Ang family maximum ay ang halaga ng perang kailangang gastusin ng iyong pamilya sa bawat taon bago simulang bayaran ng PharmaCare ang 100% ng iyong karapat-dapat na mga gastos.

Magkano ang tulong na maaari kong makuha?

Ang tulong ay batay sa iyong family net income sa nakaraang dalawang taon. Halimbawa, ang antas ng tulong para sa 2009 ay batay sa iyong family net income para sa 2007.

- Ang **net income** ay ang iyong kita sa Line 236 ng iyong income tax return, hindi kabilang ang anumang mga kabayaran sa Universal Child Care Benefit at kita sa Registered Disability Savings Plan na iyong natanggap.
- Kabilang ka sa iyong **pamilya**, ang iyong asawa at sinumang mga umaasang anak na nasa parehong B.C. Medical Services Plan contract mo at ng iyong asawa.

Paano kung kailangan ko ng karagdagang tulong?

Mangyaring makipag-ugnayan sa amin kung ang iyong net income ay nabawasan nang 10% o higit pa sa nakaraang dalawang taon o kung mayroon kang problema sa pagbabayad ng iyong mga de-resetang gamot sa unang bahagi ng taon.

Impormasyon sa kung paano makipag-ugnay sa Fair PharmaCare

Magparehistro para sa Fair PharmaCare:

www.gov.bc.ca/fairpharmacareregistration

Bisitahin ang aming website sa:

www.gov.bc.ca/pharmacare

Tumawag sa Health Insurance BC (HIBC)

Mula sa Vancouver at Lower Mainland, tumawag sa:

604-683-7151

Mula sa iba pang dako ng B.C., tumawag sa:

1-800-663-7100

Ang Health Insurance BC (HIBC) ang nangangasiwa sa PharmaCare at sa Medical Services Plan. Ang mga Customer Service Agent ng HIBC ay matatawagan: Lunes hanggang Biyernes, 8:00AM-8:00 PM at Sabado 8:00 AM-4:00 PM.